
Ordinansa para sa "NO VAX, NO LABAS" policy, lusot na sa Maynila p.3

WE ARE NOW NATIONAL LIBRARY REGISTER
ISSN: 2508-0679
Southern Sparkle News and PUBLISHING
The country's news vehicle towards progress and development.
Vol. XIII No. 16 JANUARY 24-30, 2022 P10.00



*"Marami sa ating kababayan ang patuloy na nangangailangan ng suporta lalo na sa panahong ito ng pandemya. Kamakailan ay aming pinagbigyan ang ilang kahilingang tulong pinansyal para sa mga kapamilyang may-sakit, namatayan, atpb. Nandirito lamang po ang pamahalaang lokal ng Calamba City upang magbigay ng tulong sa abot ng aming makakaya.", ayon sa facebook post ni Calamba City Mayor Timmy Chipeco.*

# ROBREDO WANTS PRINCIPLE-BASED POLITICAL PARTY SYSTEM REFORM



ROBREDO

One of the things that Vice President Leni Robredo may turn her attention on if she is elected president in the 2022 national elections, is to (cont. p.2)



*Pinangunahan ni Imus Mayor Emmanuel Maliksi ang pagpapasinaya ng Imus Public Market elevated parking area kasabay ang ceremonial blessing.*

*Umaabot sa 91 na sasakyan ang kayang tanggapin ng parking area na ito sa 3rd at 4th floor ng Imus Public Market, na magsisimula ng gamitin. Sa unang dalawang buwan ay libre ang pagparada upang malaman rin kung ano ang kailangang pagandahin sa sistema natin dito.*

*Sa pagbubukas nito, naihahatid natin ang mas maginhawang pamimili sa ating palengke at makakatulong ring makaiwas sa pagsikip ng trapiko sa mga kalapit na kalsada nito.*



*Makikita sa larawan ang masisipag na mga frontliners ng Palico Health Center, Imus Cavite na sina Rowena Ramos(Midwife), mga BHW na sina Carina Apostol, Chona Sapanghila, Joyce Katherine De Ocampo, Olivia Samuel Benita Liberillia, Juliet Bitar, at mga BNS na sina Michelle Sunga at Catherine Altar. Ipagpatuloy nyo lang po ang inyong ginagawa. Saludo po ang pahayagang ito sa inyo. Mabuhay po kayo. Keepsafe and Godbless po.(Maricar Lumas)*

## Libreng antigen testing, inilunsad sa Biñan sa gitna ng tumataas na kaso ng Covid-19

Naglunsad ang pamahalaang lungsod ng Biñan ng libreng antigen testing para sa mga residente nitong close contact ng mga positibong kaso o nakakaranas ng mga sintomas ng Covid-19.

Ayon kay Mayor Arman Dimaguila, magbabahay-bahay ang mga contact tracer ng pamahalaang lungsod para sa home service antigen testing.

Nagbigay naman ng online form ang lokal na pamahalaan upang maging mas madali ang pagpapatala ng mga nais sumailalim sa libreng test.

Matapos maibigay ang mga hinihinging impormasyon ay tatawag ang mga contact tracer ng pamahalaang lungsod para sa verification at schedule ng antigen testing.

**(pia.calabarzon.news)**





**619 KATAO SA SILANG, NAGING BENEPISYARYO NG TUPAD .** Tinatayang umaabot sa 2.5 milyong piso ang naipamahagi ngayon araw sa 619 indibidwal sa bayan ng Silang na kabilang sa programang Tulong Panghanapbuhay sa Ating Displaced/Disadvantaged Workers (TUPAD) ng Department of Labor and Employment (DOLE). Katuwang sina BM Paolo Crisostomo, former Mayor Omil Poblete at ang Lokal na Pamahalaan ng Silang sa pangunguna nina Mayor Corie Poblete at VM Aidel Belamide, pinangunahan nina Congressman Roy at Congresswoman Dahlia Loyola ang pamamahagi ng id at transaction codes sa mga benepisyaryo ng nasabing programa. Ang mga transaction codes na ito ay ibinibigay sa mga benepisyaryo upang makuha nila ang PhP 4,000.00 na suweldo na kanilang kinita para sa kanilang sampung araw na pagganap sa iba't-ibang gawaing pangkomunidad.

# Robredo...

from p. 1

usher in a reformation of the country's political party system and ensure that membership is based on principles, and not just on the party's influence.

In an ambush interview in Marawi, Lanao del Sur, Robredo was asked if she will push for a two-party system. Robredo said that it would necessarily be the case, but she would prefer that politicians do not just jump on the bandwagon — or the party of the winning president.

"Alam natin kung ang nangyayari sa atin elections after elections. Iyong sa atin dito halos hindi nabibigyan ng value iyong mga political parties kasi dito sa atin, ang paglipat ng partido ay para kang nagpapalit lang ng damit, na kung ano iyong convenient sa iyo, iyon iyong gagawin mo," Robredo told reporters after an event in the city.

"Hindi naman iyon iyong role ng political parties. Kasi ang role ng political parties, dapat ito iyong nagpo-provide ng platform para iyong mga advocacies mo at saka iyong principles na tinutulak mo, iyong party iyong pinaka-representation ng mga prinsipyong iyon," he added.

In the past two presidencies — that of late former president Benigno Aquino III and incumbent President Rodrigo Duterte — politicians jumping from one party to the ruling party became common.

In 2010, after Aquino won in the elections, elected officials including members of the Congress jumped ship from their respective parties towards the Liberal Party (LP), which was the late leader's party. Then after Duterte won in 2016, LP members moved to PDP-Laban, which is the current president's party.

Robredo said that allowing such a system does not help in the public's political maturity, especially if the goal is to involve the people more in political discussions.

"And hindi siya nakakatulong sa political maturity ng mga tao. Iyong para sa akin, kung pagdedesisyunan nating ayusin iyong political party system, kailangan mag-umpisa iyon sa electoral reforms," she explained.

"Kailangan bigyan ng mas malawak na participation iyong ordinaryong mamamayan para iyong mga politicians kagaya namin ay nagiging sensitive sa pakiramdam ng mga constituency na pinaninilbihan namin. And hindi siya convenient lang dahil sa pagkakandidatura namin," she added.

As a testament to her commitment to party reforms, Robredo said she would not discriminate against politicians based on party lines if she is elected president — which means officials are free to support her, without pressure to join LP.

"Para kasi sa akin, opportunity para gawin na natin iyong maraming pagbabago politically na dapat baguhin. Very important element ng progress ng ating bansa kung iyong politics natin ay maayos din. Alam natin hindi nakakatulong iyong pagshift ng loyalties. Hindi naman kailangan nasa partido ka ng presidente para maging supportive ka," she said.

"Iyong party ko is just one of the parties doon sa political system. Sa akin, it doesn't make sense na grabe iyong reklamo ko sa klase ng politika natin tapos kapag ako nakaupo, gagawin ko rin, 'di ba? So sa akin, ang Liberal Party naman kahit maliit siya, basta ipinaglalaban niya iyong kaniyang mga paninindigan, that is enough," she added.

Robredo is running in the 2022 presidential race against labor leader Ka Leody de Guzman, Manila Mayor Isko Moreno, Senators Manny Pacquiao, Panfilo Lacson, and Ronald dela Rosa, and former senator Bongbong Marcos.

Before she filed her certificate of candidacy, Robredo vowed to unite the opposition to prevent a government similar to President Duterte's, and block the return of the Marcoses to power.

**SOUTHERN SPARKLE NEWS AND PUBLISHING publication is an English/Filipino Weekly Published every Monday at Region IV-A, Province of Cavite**

Southern Sparkle News
ISSN 2508-1979
The country's news vehicle towards progress and development.

**Office Add: Blk. 2 Lot 1 Justinville 2, Palico I, Imus City**
**Mobile No. 09399551973/ 0927-207-5522/ 09057552963**
**E-mail Add: southernsparklenews@yahoo.com/ southernsparklenews1973@gmail.com**

| | |
|---|---|
| **MILAGROS BAGAPORO** | Publisher |
| **Marra Villegas** | Associate Publisher |
| **Margie Bautista** | Editor-In-Chief |
| **Jerry Guina** | Managing Editor |
| **Pinky Lungcay** | Business Manager |
| **Michelle Mendoza** | Account Executive |
| **Renato Alcoran** | Circulation-in-Charge |
| **Augusto Laguda** | Circulation/Operator |
| **Maricar Lumas** | Layout Artist |
| **Billy David Sadik** | Reporter |
| **Atty. Wilfredo Saquilayan** | Legal Counsel |

MEMBER of PRIME ALLIANCEOF PUBLISHERS, EDITORS, & REPORTERS of the Philippines Inc.

PAPER.Ph

Note: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management and Editor of this Publication.

All Rights Reserved: No part of this publication may be copied or reproduced or transmitted nor translated in any form for commercial purposes without prior written permission from the publisher and its writer's/columinist.

Subscription Rates: 1 year 52 Issues = Php 520.00
Legal Notices: 1 col. Per cm. rates = Php 160.00
Commercial Ad Rate: Per column = Php 200.00

## AFFIDAVIT OF SELF -ADJUDICATION WITH ABSOLUTE SALE

Notice is hereby given to the public that the **LATE VIOLETA RODRIGUEZ EVASCO** who died on November 25, 1993 in San Pedro , Laguna left Transfer Certificate of Title No. T-194955 containing an area of Seventy Five (75) Square Meters covered by Tax Dec. No. AC-000004-13125/ Transfer Certificate of Title No. T - 194956 containing an area of Seventy Five (75) Square Meters covered by Tax Declaration No. AC-000004-13124 IN Consideration of the Amount of Three Hundred Thousand Pesos (Php300,000.00) Philippine Currency SELL, TRANSFER and CONVEY to EDWARD DIMARANAN MANUEL married to Stephanie Ocampo-Manuel; Ericka Mae Dimaranan and Ezekiel Dimaranan postal address 557 J.M Loyola Dt. Brgy. 5 Carmona , Cavite land known as Lot 23-B covered by Transfer Certificate of Title No.T-shirt 194956 and has been the subject of AFFIDAVIT OF SELF-RESPECT ADJUDICATION WITH ABSOLUTE SALE before Notary Public Atty.Rosalinda O. Camba; Doc. No. 410;Page No. 83; Book No. 22; Series of 2021.

**Southern Sparkle News And Publishing**
**January 17, 24 & 31, 2022**

# Ilang LGUs sa Laguna, nilimitahan ang paglabas ng mga di bakunado

CALAMBA CITY, Laguna — Nasa pitong lokal na pamahalaan sa Laguna ang naglabas ng kautusan at ordinansa na nagtatakda ng regulasyon sa paglabas ng mga hindi pa bakunadong indibidwal.

Ito ay sa gitna ng tumataas na aktibong kaso ng Covid-19 sa lalawigan na ngayon ay umabot na sa 3,941 batay sa datos ng Laguna Provincial Health Office.

Kabilang dito ang pamahalaang lungsod ng Biñan at mga pamahalaang bayan ng Los Baños, Kalayaan, Mabitac, Magdalena, Pagsanjan, at Pila, ayon sa ulat ng Department of the Interior and Local Government (DILG) Region 4A.

Ang paglilimita sa paglabas ng mga hindi pa bakunadong indibidwal ay kasunod ng pagtatakda ng Metro Manila Council ng ordinansa tungkol dito dahil sa nararanasang pagtaas ng kaso ng Covid-19, sa pagsisimula ng taong 2022.

Sa Biñan City na naglabas ng kanilang ordinansa kamakailan, hindi pinapayagan ang paglabas ng mga hindi pa bakunado maliban na lamang kung ito ay bibili ng mahahalagang pangangailangan o serbisyo, o di kaya naman ay papasok sa trabaho.

Hindi rin sila papayagan na mag dine-in sa mga indoor at al fresco restaurants maging sa loob ng mall, hotel, events, place, sports venue at iba pang katulad na pasilidad.

Itinatakda rin ng nasabing ordinasa ang pagbabawal sa mga unvaccinated individuals sa mga pampublikong transportasyon maliban na lamang kung bibili ng mahahalagang pangangailangan o serbisyo, papasok sa trabaho, o para sa pangangailangang medikal.

Nakasaad rin sa ordinansa na kailangang magpakita ng negative RT-PCR o rapid antigen tes result kada dalawang linggo sa kanilang personal na gastos ang mga manggagawa na hindi pa ganap na bakunado bago payagang makabalik sa trabaho.

Ang mga establisimyento na makikitaan ng paglabag ay pagmumultahin ng P3,000 para sa unang paglabag, P5,000 at suspensiyon ng business permit at pansamantalang closure order para sa ikalawang paglabag. Nasa P5,000 at kanselasyon ng business permit at closure order naman ang naghihintay sa establisimyento para sa kanilang ikatlong paglabag.

Pagmumultahin din ng P500 ang mga hindi pa bakunadong indibidwal na hindi tatalima sa mga probisyong nakasaad sa ordinansa para sa unang paglabag, P1,000 para sa ikalawang paglabag, at P3,000 para sa ikatlong paglabag.

Sa ngayon, nakataas pa rin sa Alert Level 3 ang buong lalawigan ng Laguna na iiral hanggang Enero 31 batay sa desisyon ng Inter-Agency Task Force Against Covid-19.

Nauna nang hinikayat ng Regional Task Force Against Covid-19 Calabarzon ang mga lokal na pamahalaan sa rehiyon na i-adopt ang resolusyon ng Metro Manila Council.

Sa kabuuan, may 14 na lokal na pamahalaan sa buong rehiyon ang nagpatupad na ng kaparehas na ordinansa habang 23 alkalde naman ang naglabas ng kautusan kaugnay ng nasabing mobility restrictions para sa mga hindi bakunado.

— PIA LAGUNA

# Ordinansa para sa "NO VAX, NO LABAS" policy, lusot na sa Maynila

Inilabas na rin ng lokal na pamahalaan ng Maynila ang ordinansa na maghihigpit sa paggalaw ng mga 'di pa bakunadong indibidwal sa lungsod.

Alinsunod na rin ito sa napagkasunduan ng Metro Manila mayors ngayong nasa ilalim pa rin ng Alert level 3 ang National Capital Region, sa gitna ng banta ng omicron variant.

Paliwanag ni Presidential candidate at Manila Mayor Isko Moreno, paraan lamang ito para mapigilan ang mabilis na hawaan ng naturang strain.

"While it is true I agree (with the decision of Metro Manila mayors), we were the first city na nag-bawal sa mall ng mga hindi bakunado. I think that is a message already. In fairness to the mall owners and operators sumunod sila. Tayo pipilitin natin pero pag talagang nagkaduluhan na eh kailangan may desisyon," ani Moreno.

Giit pa ni Moreno, hindi dapat maging isyu ang pagkakapantay-pantay ng mga residente.

"Wala na tayong masisisi. Kasi napaka-unfair, kasi dapat maging fair din naman tayo. Napaka-unfair sa mga vaccinated, sa mga pumila, sa mga nag-tiyaga para may proteksyon sa kanilang mga sarili. Napaka unfair sa kanila," bwelta niya.

Kaugnay nito, tiniyak ng lokal na pamahalaan na mas paiigtingin pa nila ang vaccine drive sa lungsod para mahimok pa ang mga 'di pa nagpapabakuna.

"We will continue to reach out. Hindi naman po sa pagbubuhat ng bangko, makikita nyo naman ang mga bakunahan sa Health Center, eskwelahan, shopping malls at drive-thru. Lahat na ng uri ng opsyon, lahat na ng uri ng access , pinipilit naming. Panipis na ng panipis 'yung aming resources pero pinipilit namin habaan ang kamay namin and its time for you to decide," dagdag ng alkalde.

Nanindigan din si Moreno na nakabatay sa siyensya ang mga aksyon ng pamahalaan.

"Now, 'yung desisyong pipiliin ninyo dalawang bagay po yan: Una, para sa inyo. Pangalawa, para sa pamilya ninyo. Get vaccinated, huwag kayo maniwala sa Marites. Maniwala tayo sa siyensya dahil 1 health problem po ito, threat sa kalusugan natin kaya kailangan nyo proteksyunan ang kalusugan natin," sabi ng opisyal.(GOCAVITE)

# CAVITE POLICE ARRESTED 28 PERSONS AND RECORDED 3,848 MPHS VIOLATORS IN A 24 HOURS POLICE OPS

Camp BGen Pantaleon Garcia, Imus City- Cavite Police arrested 28 persons and recorded 3,848 Minimum Public Health Standards (MPHS) protocols in the past 24 hours.

In the campaign against illegal drugs,15 persons were arrested in a buy-bust operations conducted by Cavite PNP which resulted in the confiscation of 39 pieces of small size heat sealed transparent plastic sachets containing white crystalline substance suspected as shabu, 11 pieces HSTPS containing dried leaves suspected as marijuana and other drug paraphernalia.

Out of eight (8) operations conducted against wanted person, eight individuals were collared for the crime of Child Abuse; for Violation of Sec. 48 of RA 9003; for Violation of Section 12 Art. II of R.A. 9165 (Indirect Contempt); for Violation of Section 5 of RA 9262; for Violation of R.A. 9165 (Indirect Contempt); for the crime of Slight Physical Injures in Relation to RA 7610; for the crime of Viol of Art. 316 of the RPC (other forms of swindling); and for the crime of Estafa.

In various cases, five (5) suspects were arrested for Alleged Grave Threat and Attempted Homicide Incident and Shooting Incident transpired in Bacoor City; for Unjust Vexation, Alarm and Scandal and Violation of Provincial Ordinance nr. 166 in Naic; for Selling of Fake Vaccination Card & Certificate of Vaccination/ Violation of RA 1183 (Mandatory Reporting of Notification Diseases Law) in Dasmariñas City; and for Stabbing incident (Frustrated Homicide) in Silang, Cavite.

A total of 3,848 MPHS violators were recorded, 1,365 for not wearing face mask; 1,954 for improper wearing face mask; 322 violated the curfew hours and 207 violated the social distancing.

In this time of pandemic, Cavite PNP intensifies its response to health crisis by enforcing IATF MPHS and still sustaining the anti-criminality operations to maintain peace and order in the entire the province.**(CAV-PPO/ MARGIE BAUTISTA)**

# No. 2 MOST WANTED PERSON IN CALABARZON ARRESTED

Kampo Heneral Paciano Rizal, Laguna – Joint operatives from Calamba City Police ang Laguna Highway Patrol Team arrested the rank #2 most wanted person in CALABARZON for 4 counts of statutory rape in a joint manhunt operation.

Col Rogarth Campo identified the accused as Jose Castillo, who was arrested at his hide out at Barangay Makiling, Calamba City, Laguna.

The operation was conducted by virtue of a warrant of arrest issued by Hon. Ave Zurbito-Alba of Family Court Branch 8, Calamba City, Laguna for the offense of 4 counts of statutory rape committed against the offended party who is under twelve (12) years of age which is a non-bailable ofense.

(cont. p.7)

# Obituary




Notice is hereby given to the public that **SERGIO AUSTRIA AUSTRIA**- age 52 died on SEPTEMBER 17, 2021 wife, **MILAGROS OCAMPO AUSTRIA** with children - son, John Sdyney Ocampo Austria, Jose Gio Ocampo Austria, Jaeuz Allen Ocampo Austria - daughter, Gwyneth Shiela Ocampo Austria

**Southern Sparkle News and Publishing**
**January 10, 17 & 24, 2022**




# Libreng home service Covid-19 swab testing sa lungsod ng Biñan, nagsimula na









Nagsimula ng umarangkada noong Enero 12, ang libreng home service Covid-19 testing para sa mga residente ng Biñan City na close contact ng mga nagpositibong kaso o di kaya ay nakararamdam ng sintomas ng Covid-19, ayon kay Mayor Arman Dimaguila.

Paalala ni Dimaguila, ang mga nakapagpatala para sa swab testing ay makakatanggap ng tawag para sa verification at iba pang kinakailangang impormasyon.

Inilunsad ng pamahalaang lungsod ang libreng antigen testing bilang hakbang kaugnay ng muling pagsipa ng kaso ng Covid-19 sa lungsod.

Nitong Martes, Enero 11, ay nakapagtala ang Biñan City Health Office ng 70 panibagong kaso ng sakit, dahilan para umabot sa 385 ang kabuuang bilang ng aktibong kaso sa lungsod.

Ang bakuna pa rin ang maituturing na pinakamabisang paraan para maiwasan ang malalang sintomas ng Covid-19. Kaya naman, patuloy na hinihikayat ang mga hindi pa bakunado na magpabakuna na para maging protektado sa iba't ibang variants ng Covid-19!




*Nais nyo bang magkaroon ng isang simple ngunit romantikong kasalan upang pagtibayin ang inyong pag-iibigan? Narito na ang inyong pagkakataon!*

*Ang lokal na pamahalaan ng bayan ng Rosario, Cavite ay bukas na sa pagtanggap ng mga nais magpakasal sa darating na buwan ng mga puso, Pebrero 2022.*

*Ang programang ito ay bukas para sa lahat ng taga Rosario na nasa wastong edad ng pagpapakasal. Subalit dahil nasa Alert Level 3 ang probinsya ng Cavite, ang unang 50 pares lamang muna na magpapatala ang aming tatanggapin.*

*Para lalong patamisin ang inyong samahan, sagot na namin ang 'cake' sa araw ng inyong kasalan. Isang bote ng 'red wine' din ang handog upang pagsasaluhan ng bagong mag-asawa bilang simbolo ng inyong pagkakaisa at pagdiriwang ng habang buhay na pagsasama.*

*Para sa karagdagang impormasyon, magtungo lamang sa Mayor's Office at hanapin si Lorna Alegre.*

# Community newS Ngayon




MICHELLE MENDOZA

**PAMAMAHAGI NG CONSTRUCTION MATERIALS PARA SA MGA PAMILYANG NASUNUGAN SA MALACAÑANG DULO, BARANGAY DON BOSCO** - Nito lamang January 21, 2022 - Personal na tinungo ni Parañaque City Mayor Edwin L. Olivarez ang mga pamilyang nasunugan sa Malacañang Dulo, Barangay Don Bosco upang ipamahagi ang tulong ng Lokal na Pamahalaan na mga Construction Materials para sa 35 pamilyang naapektuhan ng sunog na agad namang naapula kamakailan sa pakikipagtulungan ng Barangay Don Bosco, Lokal na Pamahalaang Lungsod ng Parañaque at ng Bureau of Fire Protection (BFP) katuwang ang iba't ibang ahensya.

Kasama sina Congressman Eric L. Olivarez, Councilor Binky Favis, Former Councilor Beng Amurao, Atty. Jet Frias, Juvan-Tin Esplana, Joaquin Bustamante-Mendoza, pamunuan ng Barangay Don Bosco sa pamumuno ni Barangay Chairman Chonna Navarro, CSWDO, CENRO, UMADO, BFP at GSO.





## P5.36 BILYON HALAGA NG ILLEGAL NA DROGA, SINUNOG SA CAVITE





NASA P5.36 bilyon halaga ng illegal na droga ang sinunog ng Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) sa Integrated Waste Management , Inc (IWMI) sa Trece Martires City, Cavite

Dakong alas 9;00 ng umaga ng isagawa ang pagsunog sa nasabing mga illegal na droga sa Intergarated Waste Management Inc. sa Brgy Aguado, Trece Martires City, Cavite.

Base sa alinsunod sa guidelines ng kustodiya at disposisyon sa mga nakumpiskang mga illegal na droga sa ilalim

(cont. p.7)

Republic of the Philippines
REGIONAL TRIAL COURT
Fourth Judicial Region
Branch 109
Carmona, Cavite

**BDO UNIBANK, INC.,**
Mortgagee,

**EJF-2021-17**
**For:** Application for Extra-Judicial Foreclosure of Mortgage (Under Act 3135 as Amended)

-versus-

**ANNABELLE MANZANAL ODON,**
Mortgagor.
x-------------------------------------------------------------------------------------------x

**NOTICE OF SHERIFF'S SALE**

Upon Extra-Judicial petition for sale under Act No. 3135, as amended by Act 4118 filed by the mortgagee, **BDO UNIBANK, INC.**, with postal address at BDO Corporate Center, 7899 Makati Avenue, Makati City, against the debtor/mortgagor, **ALDWIN LAGAMAO GAVIOLA**, with postal address/es at (1) Block 12 Lot 14, Carmona Estates Phase 2, Brgy. Lantic, Carmona, Cavite; (2) Block 8 Lot 8 Phase 2 Macaria Village, Milagrosa, Carmona, Cavite; and (3) #12771 Phase 2, Milagrosa, Carmona 4116 Cavite, and for the satisfaction of the mortgaged debt which as of 29 November 2021 amounts to **ONE MILLION SEVEN HUNDRED NINETY TWO THOUSAND NINE HUNDRED FIFTY FIVE PESOS & 40/100 (PHP1,792,955.40),** exclusive of all legal fees and expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned or his duly authorized representative will SELL at public auction on **February 17, 2022 at 10:00 o'clock in the afternoon** at the Court Room of Branch 109, Regional Trial Court, Hall of Justice Building, Carmona, Cavite to the highest bidder for CASH or MANAGER'S CHECK, in Philippine currency, the mortgaged property/ies with all the improvements thereon to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 057-2016067447**

IT IS HEREBY CERTIFIED that certain land situated in BRGY. OF LANTIC, MUN. OF CARMONA, PROV. OF CAVITE, ISLAND OF LUZON bounded and described as follows:

"A PARCEL OF LAND (LOT 14, BLK. 12, OF THE CONS. AND SUBD. PLAN, PCS-04-025224, BEING A PORTION OF THE CONS. OF LOTS 1 TO 3, BLK. 6 ROAD LOT 9, ALL OF PCS-04-023857, L.R.C. REC. NO. 169 & 52711) SITUATED IN THE BRGY. OF LANTIC, MUN. OF CARMONA, PROV. OF CAVITE, ISLAND OF LUZON. BOUNDED ON THE SE., ALONG LINE 1-2 BY ROAD LOT 13; ON THE SW., ALONG LINE 2-3 BY LOT 15, BLK. 12; ON THE NW., ALONG LINE 3-4 BY LOT 16 BLK. 12; ON THE NW., ALONG LINE 4-5 BY LOT 25, BLK. 12 AND ON THE NE., ALONG LINE 5-1 BY LOT 13 BLK. 12 ALL OF THE CONS. AND SUBD. PLAN. BEGINNING AT A PT. MARKED "1" ON PLAN, BEING S. 30 DEG. 07'W., 2764.40 M. FROM BLLM # 6, CAD-285, CARMONA CADASTRE. THENCE S. 59 DEG. 51'W., 5.00 M. TO PT. 2; THENCE N. 32 DEG. 55'W., 1068 M. TO PT. 3; THENCE N. 57 DEG. 05'E., 3.82 M. TO PT. 4; THENCE N. 60 DEG. 15'E., 1.81 M. TO PT. 5; THENCE S. 29 DEG. 34'E.,10.84 M. TO THE PT. OF BEGINNING, CONTAINING AN AREA OF FIFTY SEVEN (57) SQ. METERS, MORE OR LESS. ALL PTS. REFERRED TO ARE INDICATED ON THE PLAN AND ARE MARKED ON THE GROUND BY P.S. CYL. CONC. MONS. 15X40 CM. BEARINGS TRUE; DATE OF ORIGINAL SURVEY JAN. 24, 25, 27, 1936 & AUG. 1940 TO MAY 1941 AND THAT OF THE CONS. AND SUBD. SURVEY; JAN. 1-15, 2009 & WAS APPROVED ON APRIL 16, 2009."

Prospective buyers and/or bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title of the said property and the encumbrance thereon, if there be any.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **February 24, 2022**, at the same time and place without further notice.

Carmona, Cavite, January 4, 2022.

**(Sgd.) BON GERARD D. ASCAÑO**
Clerk of Court VI
& Ex-Officio Sheriff

Prepared by:

**(Sgd.) JOSEPH R. DIOKNO**
Sheriff In-Charge

**Copy furnished:**
**BDO UNIBANK, INC.**
BDO Corporate Center
7899 Makati Avenue, Makati City

**ANNE HAZEL M. GAVIOLA**
RISK MANAGEMENT GROUP-REMEDIAL MANAGEMENT UNIT
11th Floor, South Tower, BDO Corporate Center
7899 Makati Avenue, Makati City 0726

**ANNABELLE MANZANAL ODON**
1.) Block 12 Lot 14 Carmona Estates Phase 2
Brgy. Lantic, Carmona, Cavite

2.) Block 8, Lot 8 Phase 2
Macaria Village, Milagrosa
Carmona 4116 Cavite

3.) #12771 Phase 2, Milagrosa
Carmona 4116 Cavite

**Southern Sparkle News And Publishing**
**January 17, 24 & 31, 2022**

# COUPLE APPREHEND AFTER SELLING ILLEGAL DRUGS

Camp Vicente Lim, Calamba City - Laguna Police Acting Provincial Director Col Rogarth Campo reported to CALABARZON Regional Director PB Gen Eliseo Cruz the arrest of 3 drug suspects in a separate anti-illegal drugs operation of Laguna PNP.

Calamba City Police arrested Jose Lacanlale and his partner Imelda both resident of Barangay 3, Calamba City, who sold illegal drugs to police officer who acted as poseur buyer in exchange of 500 pesos used as buy-bust money at Lazaro Compound, Barangay . 3, Calamba City.

A preventive search led to the confiscation of 4 sachets of suspected shabu with an estimated value of P13,600.00.

Liliw Municipal Police Station arrested Melvin Villamor of Barangay. 1B, San Pablo City, Laguna, who sold illegal drugs to police officer who acted as poseur buyer in exchange of 500 pesos used as buy-bust money at Barangay Culoy, Liliw, Laguna.

A preventive search led to the confiscation of 2 sachets of suspected shabu.

The arrested suspects will be charged for Violation of R.A 9165 or the Comprehensive Dangerous Drug Act of 2002, while the seized pieces of evidence will be submitted to the Crime Laboratory Office for forensic examination.

Campo said "we will continue to eradicate illegal drugs at all cost. I urge the people of Laguna to actively participate in our campaign against illegal drugs to save their families from the crimes that could be committed by these drug personalities."

**(ROSELLE AQUINO)**

# DRUG DEN SINALAKAY,P103K HALAGA NG SHABU, NASABAT

NASA mahigit sa P103H halaga ng hinihinalang shabu ang nasamsam makaraang salakayin ng mga operatiba na nagresulta sa pagkakaaresto sa anim na hinihinalang drug pushers sa isinagawang buy bust operation sa Bacoor City, Cavite.

Base sa nakalao ng reporr, Kinilala ang mga naarestong suspek na si Christian Abad , alias Aba , 30; Maverick Samonte, 45; Jethro Trigueros 21, isang construction worker ng Blk. 9 Queensrow west; Vergilio Trigueros Jr. 27 ng isaang Welder. Blk 9 Queensrow west; Jomari Guillera, 23 ng Blk. 9 Queensrow west at Sonny boy Singco, 49, isang Gardener ng Blk. 2 Bagong Silang. Queensrow east.

Dakong alas-6:00 ng gabi nang nagsagawa ng buy bust operation ang mga operatiba ng Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) IV-A Cavite PO, RSET, PDEA PDEU at Bacoor City Police Station sa isang hinihinalang drug den sa Blk. 16 lot 8 Queen's Row East Bacoor, City Cavite kung saan target si Abad, subalit tumabad pa sa kanila ang limang iba pa habang nagsasagawa ng pot session.

Narekober sa kanila ang mga sachet ng hinalang shabu paraphernalias na ginagamit sa pot session, isang unit ng Cherry mobile phone, buy bust money at 15 gramo ng shabu na may street value na P103,500.

Sinampahan na ng kasong paglabag sa Secs. 5, 6, 7, 11, 12, at 15 Art. II ng RA 9165 ang mga naarestong suspek.

**MARGIE BAUTISTA**

# NAMEMEKE NG VACCINATION ID AT CARD, NASAKOTE

NADAKIP sa isang entrapment operation ang isang ginang, dahil umano sa pagbebenta ng pekeng vaccination card at certificate sa Dasmarinas City, Cavite .

Base sa report inireklamo ng ilang concerned citizen ang suspek na si Julieta Mabion y Pacheco, may-asawa residente ng Block 24 Lot 34, Phase 10, Golden City, Brgy Salawag, Dasmarinas City, Cavite.

Batay sa gunawang pag iimbestiga ni PSSgt Richard Domingo ng Dasmarinas City Police, dakong alas-9:54 ng gabi nang nagsagawa ng entrapment operation ang mga operatiba ng Intelligence Unit ng Dasmarinas CPS sa bahay ng suspek dahil sa naturang reklamo.

Nabatid na natatakot umano ang mga tao dito na nakakakilala sa kanya dahil sa umanoy pagbebenta nang suspek ng mga pekeng Vaccination Cards at Certificate of Vaccination na posibleng gamitin ng mga di bakunado upang sila ay makalabas ng bahay.

Dahil dito, nagsagawa ng entrapment operation sa loob ng kanilang bahay kung saan nagpanggap ang isang Intel officer na magpapagawa ng vaccination card na nagresulta sa kanyang pagkakaaresto.

Nakuha sa suspek ang Covid 19 Vaccination ID at Certificate of Vaccination Cards , cellphone na ginagamit nito sa kanyang transaksiyon at P500 bayad para sa ID at Card.

Nahaharap sa kasong paglabag sa RA 11332 (Mandatory Reporting of Notification Diseases Law)/Selling of Fake Vaccination Card and Certificate of Vaccination ang naarestong suspek.

**MARGIE BAUTISTA**

# News On FIRE



BFP MAKATI - nitong January 13,2022 makikita sa larawan sa pangunguna ni CITY FIRE DIRECTOR SUPT ANTHONY R ARROYO kasama sila Chief of Operation Section, SINSP EDUARDO S LABRADOR at Chief Investigation and Intelligence Unit and Station Commander, Palanan INSP ELPEDIO B EGUID isang service vehicle mula sa Local Government ng Makati na may nakalagay na"ARSON MOBILE" harapan at "INVESTIGATION" naman sa gilid.magagamit upang mas mapabilis ang pagresponde sa mga fire incident bukod dito naglagay din ng decontamination facility sa harap ng istasyon upang makasiguro na mas maging ligtas ang mga sinumang pupunta sa lugar bilang pagsunod sa Public Health Safety Standard ng DOH.Nagsagawa din ng inspection si City Fire Director SUPT ANTHONY R ARROYO nitong January 20'2022 upang makasiguro na lahat ng kagamitan or Firefighting Equipment ay nasa kondisyon at magagamit anomang oras upang makapaglingkod sa lungsod.













BFP DASMARIÑAS New City Fire Marshal, CINSP LYNELLE M MARBELLA was rendered Courtesy Call to City Mayor Jennifer"JENNY"Barzaga.




BFP General Trias New City Fire Marshal SINSP LOUILA E TIO. Congratulations

## P5.36 BILYON HALAGA NG ILLEGAL NA DROGA... from p. 5

ng Republic Act no. 9165 o ang Comprehensive Drug Act of 2002 at Dangerous Drug Board Resolution No. 1 Series of 2002.

Ang pagsunog sa mga nakumpiskang mga illegal na droga ay hindi na kakailanganin bilang mga ebidensiya sa korte.

Inilalagay ang mga illegal na droga sa isang thermal decomposition o thermolysis na may 1,000 degrees centigrade na init upang masigurong "totally decomposed".

Pinangunahan ang naturang pagsunog sa mga ilegal ng droga ni PDEA Director Wilkins Villanueva at sinaksihan ng Philippine National Police (PNP), Department of Justice (DOJ) at Department of Interior and Local Government (DILG), Director PNP Forensic Group PBGeneral Bellu Tamayo, Atty. Theodore Villabueva Senior Deputy,State Prosecutor,

National Prosecution Service at Atty Ryan Veva,PAO, Trece Martirez City.

**MARGIE BAUTISTA**




## No. 2 MOST WANTED... from p. 3

The accused is temporarily in the custody of Calamba City Police while the court of origin will be notified on the arrest of the person.

Campo said "I sternly warn people not to take advantage of the women and their children as much as I remind them that we will religiously implement the laws that protect the vulnerable members of our society. Walang kang puwang sa Laguna kung abusado ka, dahil sisiguraduhin namin na mahahabol ka ng batas by all means and all cost."

**(ROSELLE AQUINO)**




*Lubos ang pasasalamat ni Bacoor City Mayor Lani Revilla sa Philippine Coastguard na tumulong na maihatid ang mga yero na donasyon ng RRJ Foundation para sa mga biktima ng Bagyong Odette sa Visayas. Ayon kay Mayor Lani,"Hangad naming matulungan kayong makabangon muli sa buhay at masimulan ang muling pagkukumpuni ng inyong mga tahanan."*


Southern Sparkle News and PUBLISHING

★ISSN: 2508-0679★

The country's news vehicle towards progress and development.

Vol. XIII No. 16 JANUARY 24-30, 2022 P10.00


# Vaccination rollout resumes in GenTri after a week's break due to CoVid surge



Thousands of residents of General Trias City stayed on queue to get their CoVid-19 vaccine shot during today's, (Monday, January 17, 2022) resumption of the ResBakuna vaccination program of the city government held at the vaccination site at the 3rd Floor of the Robinson's Place-General Trias.

The city government was forced to close all the vaccination sites in the city after the infection of several healthcare workers and frontliners causing the shortage in vaccination staff. (PIACavite)

# CAVITE MARPSTA – MARITIME GROUP, SUMABAK SA SIMULTANEOUS COMELEC CHECKPOINT





Noong ika-9 ng Enero 2022, sa ganap ng 12:00 ng madaling araw pinangunahan ni PMAJ ARNOLD S PENALES, hepe ng Cavite Maritime Police Station, ang pagsita at pagbabantay sa lahat ng mga sasakyang dumadaan sa Brgy. Daang Amaya 1, Tanza, cavite alinsunod sa unang araw ng eleksyon period ngayong taon. Ang nasabing COMELEC checkpoint ay isinagawa ng pinagsamang pwersa ng mga tauhan ng Cavite MARPSTA at Tanza MPS sa pamumuno ni PLTCOL GERRY M LAYLO.

Ang nasabing COMELEC checkpoint ay kaugnay parin ng pagpapatupad sa Eleksyon Gun Ban para sa nalalapit na Halalan sa darating na ika-9 ng Mayo 2022. Kaugnay nito, nagsanib pwersa din ang mga tauhan ng Cavite MARPSTA at mga tauhan ng Naic MPS sa pamumuno ni PLTCOL MARLO N SOLERO sa pagbabantay ng COMELEC checkpoint sa A. Soriano Highway, Brgy. Timalan Balsahan, Naic, Cavite. Layunin ng naturang checkpoint na mapigilan ang pagkalat ng mga iligal na armas na maaring magamit sa panahon ng eleksyon at sa pagsagawa ng anumang krimen. Layunin din ng mga checkpoints na ito ang pagkakaroon ng malinis at mapayapang halalan sa buong lalawigan ng Cavite. Si PMAJ PENALES, sampu ng kanyang mga tauhan, ay magiting sa pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan lalo na ngayong papalapit na pang National at Local na Eleksyon 2022. **(MARGIE BAUTISTA)**




## PhilHealth Extends 2021 Accreditation of Healthcare Facilities

The Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth) on Tuesday announced that it will extend the validity of all currently accredited health facilities (HFs) until January 31, 2022.

In its Advisory No. 2021-049 signed by its President and CEO Atty. Dante A. Gierran, the state agency made the extension provided that "... *they (HFs) have submitted their complete applications for CY 2022 accreditation to the concerned PhilHealth Regional Office on or before January 31, 2022.*"

The PhilHealth Chief also reminded that applications received for continuous or renewal of accreditation beyond January 31, 2022 may result in a gap in a facility's accreditation.

Earlier in November 2021, PhilHealth released Advisory 2021-046 saying it has started accepting applications for continuous or renewal of accreditation until December 31, 2021. However, to give HFs ample time and to ensure continuous processing of their claims, the validity was further extended.

Continuous accreditation is provided under the Revised Implementing Rules and Regulations of Republic Act 10606 or the National Health Insurance Act of 2013. Accreditation is granted to health care providers that have applied through basic participation and complied with the requirements prescribed by PhilHealth, qualifying them to uninterrupted participation in the Program until their accreditation is withdrawn based on rules set by the Corporation. ###

PhilHealth
Your Partner in Health

Callback Channel: 0921-630-0009
Text: "PHIC callback <space> your mobile number or Metro Manila landline <space> details of your concern"
PhilHealthofficial teamphilhealth
actioncenter@philhealth.gov.ph